May kakilala ka bang nagkasakit, naaksidente, o namatay nang dahil sa kanyang trabaho?

Tulungan natin sya at ang kanyang pamilya. Alamin ang dapat gawin para makakuha ng benepisyo mula sa gobyerno sa pamamagitan ng Employees' Compensation Commission (ECC).

# Proseso ng EC Filing para sa mga Pribadong Empleyado

## STEP 1 — Ihanda ang mga sumusunod na dokumento:

**1. Certificate of Employment**

Ito ay aktwal na katungkulan at responsibilidad na ginagampanan ng manggagawa sa oras na nangyari ang pagkakasakit o aksidente

**2. EC Logbook**

certified true copy ng pahina na naglalaman ng partikular na sakit o aksidente ng empleyado.

**3. Medical findings**

ito ay dapat manggaling sa attending doctor o ospital kung saan dinala ang empleyado.

## STEP 2 — Ipunin ang mga dagdag dokumento depende kung ang empleyado ay....

**NAGKASAKIT**

Magrequest sa iyong kumpanya ng PRE-EMPLOYMENT MEDICAL CHECK UP o ng FIT TO WORK CERTIFICATION nung una kang natanggap sa opisina. Samahan ito ng MEDICAL RECORDS galing din sa iyong opisina.

**NAAKSIDENTE**

ACCIDENT REPORT kung ang aksidente ay nangyari sa loob ng kumpanya, o POLICE REPORT naman kung naganap sa labas ng opisina o ng kanyang bahay.

**NAMATAY**

Dalhin ang DEATH CERTIFICATE, MEDICAL RECORDS o ACCIDENT REPORT ng empleyado. Kung sya ay may asawa na, samahan ng MARRIAGE CONTRACT at BIRTH CERTIFICATE ng mga anak na may edad 21 pababa.

Maliban sa mga dokumentong nabanggit sa itaas, kailangan din i-fill up ang mga sumusunod na forms na makukuha o mado-download sa SSS depende kung ang empleyado ay NAGKASAKIT, NAGKAKAPANSANAN o di kaya ay NAMATAY. Kapag nasagutan na, papirmahan ang mga ito sa iyong employer.

**NAGKASAKIT O NAAKSIDENTE**

1. Employees' Notification (SSS Form B300)
2. Sickness/ Accident Report (SSS Form B309)
3. Sickness Benefit Application for Separated members (SS Form CLD-9A)

**NABALDA**

1. DDR-1
2. Medical Certificate (SSS Form MMD-102)
3. DDR Savings Account Form

**NAMATAY**

1. DDR Form for Death (DDR-1)
2. Filer's Afidavit
3. DDR Savings Account Form
4. Report of Death (EC Form BPN-105)

Pagsama-samahin ang mga requirements, ipasa ito sa pinakamalapit na SSS Office.

SOCIAL SECURITY SYSTEM

Hintayin ang desisyon ng SSS. Kung aprubado, makakatanggap ng notice at tseke na galing sa SSS. Ngunit, kung hindi naman, humingi ng written denial letter sa SSS at magfile ng MOTION FOR RECONSIDERATION at ipasa ito sa main office ng SSS

MOTION FOR RECONSIDERATION

SOCIAL SECURITY SYSTEM MAIN OFFICE

Kung di pa naaprubahan ang MOTION FOR RECONSIDERATION, sumulat ng Letter of Appeal at ipadala ito sa Employees' Compensation Commisssion. Hintayin ang magiging desisyon ng ECC.

EMPLOYEES' COMPENSATION COMMISSION

**EMPLOYEES' COMPENSATION COMMISSION**
ECC Bldg., 355 Sen Gil J. Puyat Avenue, Makati City
Tel. No. 899-4251; Telefax No. 897-7597
www.ecc.gov.ph, email: info@ecc.gov.ph